

Xaviera Simmons
New Southeast Community Center sa 1550 Evans
Salaysay ng Panukala sa Iskultura sa Plasa (Plaza Sculpture Proposal Narrative)

Isa sa mga tunay na katutubong punong-kahoy sa rehiyon ng San Francisco, ang Buckeye ng California ay nagsisilbing batayang modelo para sa ganitong malakihang iskultura na yari sa bronse na inilubog sa ginto. Kilala sa pagiging madaling makabawi, matibay at maasahan nito sa lahat ng panahon, ang Buckeye ay makikita bilang isang metapora para sa komunidad ng Bayview-Hunters Point. Nais kong magtrabaho sa isang simbolo na matatag na naka-ugat sa mga milenyo sa partikular na likas na tanawing ito bilang isang simbolikong pagkatawan ng pagkakaugnay-ugnay ng Bayview-Hunters Point at ng nag-iiba-iba nitong maliliit na komunidad at mga miyembro. Dito, itong malakihang antas ng ginintuang bronse na punong-kahoy ay kumakatawan sa isang pagtutulungang konsepto na nagmumula sa mga paunang pakikipag-usap sa mga miyembro ng komunidad. Ang kanilang mga pagnanasa at pag-asa para sa Bagong Southeast Community Center bilang isang angkla ng paglago at pagpapalawak upang ipatupad ang mga ala-ala ng kultura ng indibiduwal, grupo at pampamilyang mga pamana-pati na ang paghahangad sa nagawang obra ng sining upang magsilbing isang simbolikong ningas para sa parehong bata at matandang miyembro ng kolektibong komunidad, ay naipagbigay-alam sa gawang ito.

Ang simbolismo ng iskulturang ito ay inuugnay ang sarili nito sa katapangan, patuloy na paglago, pagiging masaya, kamalayang pangkapaligiran, kolektibong pagtataguyod at kasaganaan para sa lahat. Ang punong-kahoy ay isang puwersang nagpapalaya sa lahat ng kultura at ang panghabang-panahong ginintuang angklang ito ay magsisilbi bilang isang ningas ng pagiging malikhain at kasaganaan para sa komunidad at sentro nito. Ang paglubog sa ginto (gold gilding) ay isa sa pinakamarangyang materyales at mga paraan ng aplikasyon, ginamit sa buong milenyo upang matuwa at mamangha. Sa paggawa gamit ang paglubog sa ginto (gold gilding), ang aking studio ay naghahangad na ilagay ang ganap na karangyaan at magbigay ng inspirasyon sa komunidad sa pangkalahatan.

Ang mga ugat ng punong-kahoy ay kumakatawan sa malalim na relasyon at angkan ng mga komunidad at kanilang kaalaman, habang ang katawan nito ay sumasagisag sa lahat ng lakas na namamalagi sa loob. Kung mananatiling buhay ang buong halaman, kinakailangan ng katawan ng punong-kahoy na makaya ang bigat ng punong-kahoy at ng malalawak na sanga nito. Ang mga sangang iyon ang sumasagisag sa pamilya at bumubuo ng pananggalang na kulandong na kinatawan ng isang tahanan. Ang iskulturang ito ay naghahangad na magbigay ng inspirasyon at magturo at ang sarili nito ay isang hantungan na nagkakaloob ng silungan at nagtataguyod ng oportunidad para sa pagbabahagi ng komunidad sa ilalim ng pananggalang na bumabalot dito. Tulad ng isang family tree, na naka-ugat nang matatag, ang ginintuang punong-kahoy na ito ay kumakatawan sa lakas ng komunidad na nasa iba-ibang mga direksiyon ang mga sanga nito, palaging naghahanap ng higit na liwanag, higit na kalayaan at higit na kamalayang pandamdamin sa loob ng mas malaking kapaligiran.

Mga Sukat:

Upang maglagay ng proporsiyon ng punong-kahoy ng Buckeye ng California at maglaan para sa mga sukat ng lugar.
Taas: 20ft, Lawak: 30ft

Mga Materyales:

Ang ilalim ng istruktura ay gagawin ang konstruksiyon sa bronse. Ang itaas na mga sanga at mga dahon ng iskultura ay ilulubog sa ginto gamit ang 23-24kt na ginto, na naaangkop para mga aplikasyong panlabas.

Gagampanang Papel ng Artist:

Ang aking studio ang mangangasiwa sa buong proyekto mula sa paggawa ng konsepto, pagkakahanay at pagpapalano, produksyon at paghahanda, paggawa at instalasyon at sa huli ang paglunsad at paglalatatag. Upang

gawin ito, isang kuwalipikadong pangkat ng mga consultant at fabricator ang natukoy na para sa partikular na gawaing ito at makikipagtulungan sa akin sa paggawa.

Paggawa:

1. Paglubog sa Ginto (Gilding)

Proseso:

Ang paglubog sag into (gilding) ay makukumpleto sa isang industrial studio na nasa labas ng lugar. (Panahong kailangan: 4-6 linggo)

Ang mga hugpong at pagtatapos ng ibabaw ay gagawin sa lugar (panahong kailangan: 2 linggo)

Tagagawa (Manufacturer):

The Guilders' Studio

<http://www.gilders.com/>

Address: 17636 Prince Edward Dr, Olney, MD 20832

Telepono: (301) 929-9450

Kontak:

MICHAEL KRAMER

Presidente & Tagapagtatag

mkramer@gilders.com

Natuto si Michael ng kalakal mula sa isang master decorator habang nag-aaral sa University of Maryland sa bandang huli ng mga 1960. Noong 1985 ay itinatag niya ang studio at nagtuon sa pagpapalawak ng kanyang mga karanasan sa pangdekorasyon na pagpipinta at lahat ng anyo ng gilding. Si Michael ay isang kilalang tagapagturo at may-akda sa kanyang larangan, nagtuturo sa Smithsonian gayon din sa Society of Guilders at isang Recipient ng Craftsmanship Award ng Washington Building Congress. Isang miyembro ng Society of Guilders sa loob ng matagal na panahon, nagsilbi siya bilang presidente mula 2006 hanggang 2013

2. Pagmomodelo ng Bronse (Bronze Casting)

Walla Walla Foundry

Dylan Farnum

<http://wallawallafoundry.com>

Lokasyon

405 Woodland Avenue

Walla Walla WA 99362

509-522-2114

3. Punong Arkitektong Consultant (Lead Architect Consultant)

Komal Kehar

Mira Projects Invoice 14

611 East 11th Street, 5b

New York, NY 10009

(646)-345-9693

Si Komal Kehar ay dalubhasa sa pagdisenyo at konstruksyon ng tindahan ng tingi. Bukod sa pagkumpleto ng graduate program sa Design, Research and Writing sa School of Visual Arts noong 2018, si Komal ay nagtapos din

ng Masters of Architecture mula sa Parsons School of Design. Nagbibigay ng inspirasyon sa kanya ang pakikipagtulungan sa pagtatrabaho at sa iba't ibang mga disiplina upang magdisenyo ng mga espasyo at mga bagay na lumilikha ng isang positibong pagtugon ng damdamin.

Responsable rin ang Mira Projects sa pangangasiwa at pamamahala sa inhinyero ng istruktura, paggawa ng disenyo ng pailaw at ang pangkalahatang kontratista.

Xaviera Simmons Studio